Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN**

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONGNG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NGAYONG IKA-11 NG PEBRERO 2002 DITO SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Kgg. | Ludovico C. Silang | - | Tagapamanihala ng pulong |
| Kgg. | Teresita S. Bantugan | - | Konsehal |
| Kgg. | Eduardo C. Aceron | - | -do- |
| Kgg. | Cesar P. Lantin | - | -do- |
| Kgg. | Efren S. Acosta | - | -do- |
| Kgg. | Salvador A. Magalay | - | -do- |
| Kgg. | Benhur S. Cabagay | - | -do- |
| Kgg. | Rosalinda M. Cabagay | - | -do- |
| Kgg. | Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. | German S. Acosta | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |
| Kgg. | Jimuel T. Cabagay | - | Pangulo, Pederasyon ng SK |

**HINDI NAKADALO:**

WALA

x--------------------------------------------------------------------------------------------x

# KAPASYAHAN BLG. 02-02-027

**KAPASYAHANG HUMIHINGI NG TULONG SA PHILIPPINE ARMY AT SA TANGGAPAN NG PULISYA NA HULIHIN ANG LAHAT NG MGA SASAKYAN NA NAGKAKARGA NG ULING NG WALANG KAUKULANG LISENSIYA**

"**SAPAGKAT,** ang ilegal at walang humpay na pag-uuling sa Bayan ng Bulalacao ay nagdudulot ng labis na kahirapan sa susunod na mga henerasyon dahil hindi na nila makita at maramdaman ang kagandahan at kasaganaang mula sa ating likas na yaman, ang kagubatan;

"**SAPAGKAT,** nakakalungkot malaman na sa kabila ng mga ordinansang nagbabawal sa pagbibiyahe ng uling,marami pa rin ang ilegal na nagkakarga nito na karamihan ay mga dayuhan pa;

"**SAPAGKAT,** ang Sanggunian ay naniniwala sa tulong at kakayahan ng Philippine Army at Tanggapan ng Pulisya na masupil at masugpo ang katiwaliang ito upang mapangalagaan at mapanatili natin ang kasaganaan ng ating kapaligiran na siyang tanging yaman na ating maipamana sa susunod pang mga henerasyon; Dahil dito

Karugtong ng kap. Blg. 02-02-027…

**PINAGPASYAHAN PA GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA NA:** Humingi ng tulong sa Philippine Army at sa Tanggapan ng Pulisya na hulihin ang lahat ng mg sasakyan na nagkakarga ng uling ng walang kaukulang lisensiya;

**SA MUNGKAHI** ni Konsehala Rosalinda M.Cabagay na pinangalawahan ng lahat ng dumalo, ang kapasyahang ito ay . . .

**PINAGTIBAY**:"Pebrero 11, 2002, Bulalacao, Silangang Mindoro.

x-------------------------------------------------------------------------------------------x

**TERESITA S. BANTUGAN**
Konsehal

**EDUARDO C. ACERON**
Konsehal

**CESAR P. LANTIN**
Konsehal

**EFREN S. ACOSTA**
Konsehal

**SALVADOR A. MAGALAY**
Konsehal

**BENHUR S. CABAGAY**
Konsehal

**ROSALINDA M. CABAGAY**
Konsehal

**SENEN C. FAMILARA**
Konsehal

**GERMAN S. ACOSTA**
Pang., Liga ng mga Brgy.

**JIMUEL T. CABAGAY**
Pang, Pederasyon ng SK

NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:

**LUDOVICO C. SILANG**
**Pangalawang Punong Bayan/**
**Tagapamanihala ng pulong**

SINAKSIHAN:

**SIXTO O. BARRIENTOS**
**Kalihim ng Sanggunian**

PINAGTIBAY:

GEMMA G. SALAS
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan:__________

**Word/res.**
**020220/jpc/**